# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT

## CITY ORDINANCES

ORDINANCE NO. 57

### REQUIRING PERMITS FOR OFFENSIVE AND DANGEROUS TRADES, BUSINESSES OR OCCUPATIONS; FOR THE MANUFACTURE OF FOOD PRODUCTS AND FOOD ESTABLISHMENTS; HOTELS, LODGING OR BOARDING HOUSES; AND PENALIZING VIOLATIONS THEREOF.

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. *Permit.*—It shall be unlawful for any person or entity to conduct or engage in any offensive or dangerous trade, business or occupation or to operate any establishment for the manufacture of foodstuffs or products used in the preparation of foods, including tea, coffee, chocolate, soft drinks or aerated water and alcoholic or non-alcoholic beverages, or a cafe, restaurant, panciteria, carinderia, refreshment parlor or other public eating place, where foods or drinks are sold or served to the public, or a hotel, lodging house or boarding house, without first securing a permit from the Mayor upon payment of a fee of five pesos. No license shall be issued to any person or entity to engage in or operate any of the above-mentioned trades, businesses, occupations or establishments without such permit.

SEC. 2. *Penalty for violation.*—Any person who shall violate the provisions of this ordinance shall be punished by a fine of not more than two hundred pesos or by imprisonment for not more than six months, or by both such fine and imprisonment, in the discretion of the court. If the violation is committed by a club, firm or corporation, the manager or president charged with the management of the club, firm or corporation shall be criminally responsible therefor.

SEC. 3. *Effectivity.*—This Ordinance shall take effect on July 10, 1943.

Done in the City of Manila this 26th day of May, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO
*Mayor*

KAUTUSANG BLG. 57

### NA NAGTATADHANA NG PAGKUHA NG PAHINTULOT NG MGA HANAPBUHAY, KALAKAL O GAWAING NAKAPIPINSALA AT MAPANGANIB; SA PAGGAWA NG PANINDANG PAGKAIN AT TINDAHAN NG PAGKAIN; MGA OTEL, "LODGING" O BAHAY-TULUYAN; AT NAGPAPARUSA SA MGA PAGLABAG DIYAN.

SA bisa ng kapangyarihang kaloob sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynila, at matapos makasangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. *Pahintulot.*—Magiging labag sa sino mang tao o samahang magtaguyod o maghawak ng alin mang hanapbuhay, kalakal o gawaing makapipinsala o mapanganib o upong magbukas ng alin mang pagawaan ng pagkain o panindang ginagamit sa paghahanda ng mga pagkain, pati na ng tsa, kape, tsokolate, inuming pampalamig at ng mga inuming may alkohol o wala man, o ng isang Kape, Restaurant, pansiterya, karihan, palamigan o iba pang hayag na pakainan, na nagbibili o nagdudulot sa madla ng pagkain o inumin, o isang otel, "lodging house' o bahay-tuluyan, nang hindi muna kukuha ng pahintulot buhat sa Alkalde pagkatapos magbayad ng isang buwis na limang piso. Walang lisensiyang ipagkakaloob sa sino mang tao o samahan upang makapagbukas o makapagtaguyod ng alin mang binanggit sa itaas na kalakal, hanapbuhay, gawain o tindahan nang wala ng nasabing pihintulot.

TUNT. IKA-2. *Parusa sa paglabag.*—Sino mang taong lumabag sa mga tadhana ng kautusang ito ay parurusahan ng isang multang hindi hihigit sa dalawang daang piso o ng pagkabilanggong hindi hihigit sa anim na buwan, o ang magkalakip na multa at pagkabilanggo, ayon sa marapatin ng hukuman. Kung ang paglabag ay nagawa ng isang klub, kapisanan o samahan, ang tagapangasiwa o pangulong nangangasiwa sa klub, kapisanan o samahan ay siyang pananagutin sa pagkakasala.

TUNT. IKA-3. *Pagkakabisa.*—Ang kautusang ito ay magkakabisa sa ika-10 araw ng Hulyo, 1943.

Inilagda sa Siyudad ng Maynila ngayong ika-26 araw ng Mayo, 1943.

(May lagda) LEON G. GUINTO
*Alkalde*